

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| MATATAG<br>K to 10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 4 |
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | AUGUST 4-8, 2025 (WEEK 8) | Markahan: | Unang Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula, at anekdota) at tekstong impormatibo (pag-iisa at paglalarawan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa pagsasalaysay ng nakawiwiling pangyayari na naglalarawan ng isang lokal o rehiyonal na karanasan (anekdota). |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>A. Nauunawaan ang tekstong naratibong pabula;<br>B. Natutukoy ang tayutay (onomatopeya) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto;<br>C. Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. layon (magsalaysay at maglahad),<br>b. kahulugan, c.tagapakinig/tagapanood/mambabasa, d. konteksto (salusalo at kaarawan), at e. tono at damdamin;<br>D. Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag: kilos at galaw ng katawan (kumpas, padyak, tayo, atbp.); ekspresyon ng mukha<br>E. Nabibigyang kahulugan ang mga tekstong biswal (dayagram)na namasid at napanood batay sa mga elemento nito. |
| **C. Nilalaman** | **Talaarawan at Talambuhay ng Sarili Pangwakas na Gawain (Anekdota)** |

| | |
|---|---|
| **D. Integrasyon** | |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Mercado, L. G. (2020). Ang tsinelas ni Pepe. Retrieved from https://leomargmercado.wixsite.com/leogm/ang -tsinelas-ni-pepe |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**BUOIN MO AKO.** Ayusin ang mga nakagulong titik upang makabuo ng makahulugang salita.<br><br>**T U A H A B Y L M A - T A**<br>**A R L A A N A W –**<br><br>**Gabay na Tanong:**<br>1. Ano-ano ang salitang mabubuo sa mga ginulong titik?<br>2. Pamilyar ka ba sa mga ito?<br>3. Nakabasa ka na ba ng Talambuhay?<br>4. Nakagawa na ba kayo ng Talaarawan? | (15 minuto)<br><br>Ang bahaging ito ay elaborasyon ng pagtuturo sa implementasyon ng iba't ibang bahagi ng aralin.<br><br>Ang mga tala ay magiging gabay sa mga guro sa paraan ng presentasyon ng aralin at gawain, mungkahing teksto o lunsaran, kagamitan, at sanggunian, maging ang bahagi sa proseso ng integrasyon.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. TALAMBUHAY<br>2. TALAARAWAN |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**BASA.SURI.BAHAGI.** Basahin ang sumusunod na talaarawan. Sagutan ang dayagram kaugnay dito.<br>**Lunes, Hunyo 1**<br>Maaga akong gumising upang maghanda sa pagpasok sa paaralan. Inihanda ko ang aking uniporme bago ako maligo. Kumain din ng masarap na almusal at uminom ng | (45 minuto)<br><br>Sabihin:<br>• Magbabasa tayo ng iba't ibang talaarawan at talambuhay;<br>• uunawain natin ito at |


| | | |
|---|---|---|
| | isang basong gatas. Ngumiti ang nanay ko sabay sabi niyang hindi pala tuloy ang klase dahil sa pandemya. Kaya bumalik ako sa aking silid at nagpalit muli ng aking pambahay.<br><br>**Martes, Hunyo 2**<br>Tinuruan ako ng ate ko na magluto ng masarap na hotcake. Natuwa ang aming magulang dahil marami kaming natututuhan sa panahon ngayon. Kahit pa walang pasok, tuloy-tuloy din ang aming pagbabasa ng mga babasahin na binibili sa amin ng aming magulang. Pero mas gusto ko pa rin ang gaya ng dati na ako'y nakalalabas ng bahay at nakapupunta sa paaralan at sa iba pang lugar. Kaya bago ako matulog, pinagdadasal ko sa Panginoon na mawala na ang COVID-19 at bumalik na sa normal ang lahat. -Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division<br><br><br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**TALASALITAAN.** Magbigay ng mga salita na maaring mag-uugnay sa sumusunod.<br><br> | magbibigay tayo ng reaksiyon batay sa binasang mga halimbawa ;<br>• tutukoyin ang mahahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan at talambuhay; at,<br>• aktibo tayong makikilahok sa talakayan at mga gawain sa aralin<br><br>Gamitin ito sa sariling pangungusap. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Impormatibo na Liham Pangkaibigan**<br><br>1. **Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Ang Talaarawan ni Sophia**<br>**Hunyo 1, 2020**<br>Nagising ako sa lakas na tila pumutok na bomba. Dali-dali akong bumangon at lumabas ng aming bahay. Nagkukumpulan sa kalsada ang aking pamilya at mga kapitbahay. Hindi pala bomba ang pumutok kundi isang sasakyan na nilalamon ng apoy. May mga fire truck at police car na naroon. May mga pulis na nagsasaway sa mga taong gustong lumapit. May mga kalalakihan mula sa aming barangay na tumulong sa pag-apula ng apoy sa pamamagitan ng pag-igib ng tubig mula sa poso malapit sa kalsada.Ang iba ay pinauwi ng mga pulis dahil delikado daw ito. Umuwi na rin kami sa aming bahay. dahil delikado daw ito.<br>Umuwi na rin kami sa aming bahay. Nag-aalala ako sa maaring maging dulot ng sunog sa paligid. Maitim ang usok at amoy gasolina ito. Paano na lang ang mga bata at matatandang maysakit na nakakaamoy dito. Maaari itong maging sanhi ng sakit,lalo na sa may mga hika.<br>Ipinagdasal ko na sana ay maapula na ito at mawala na rin ang amoy na nanggagaling dito.<br><br>**Hunyo 7, 2020**<br>Tumulong ako sa mama ko sa paghahanda ng altar para sa virtual na pagsimba. Inayos namin ang aming sala. Naglagay kami ng bibliya at bulaklak sa mesa sa harap ng telebisyon. Nagbihis din kami ng pansimbang damit. Pagsapit ng ikasiyam ng umaga ay nagsimula na ang worship service. Kumanta muna kami kasabay ng aming mga churchmates ng praise and worship songs. Napakaganda ng mensahe ng aming pastor. Tinalakay niya dito ang pagkakaisa ng pamilya sa panahon ng problema.<br>May mga aral siya na ibinahagi tungkol sa pagkakaisa lalo na sa panahon na lahat tayo ay kumakaharap ng problema sa COVID 19. Pinayuhan niya ang bawat pamilya na manatiling maniwala at makinig sa mga salita ng Diyos dahil Siya lamang ang makakasalba sa atin. Nanatili ito sa aking isipan hanggang sa aking pagtulog.<br>Maganda ang sikat ng araw ngayon. Pumunta ang aming pamilya sa aming farm. | (30 minuto)<br><br>Bigyang laya ang mga mag-aaral na makapagsagot sa gawain at tanungin sa detalye batay sa kanilang mga naging kasagutan.<br><br>Iproseso ang mga sagot at palitawin ang pagpapahalaga dito. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Hunyo 20, 2020**<br>Nagdala kami ng iba't ibang halaman na aming itatanim. Mayroong iba't-ibang buto ng gulay. Mayroon din kaming mga tanim na namumulaklak. Nakahanda na ang mga plot na aming pagtataniman. Kaniya-kaniya kami sa pagpili kung ano ang aming itatanim. Ang Ate Erin ko ay piniling magtanim ng sunflower. Ako naman ay nagtanim ng petsay. Si bunso ay talong ang pinili, samantalang sina Mama at Papa ay ampalaya at mani. Si Kuya Intoy, ang tagabantay ng farm ay naghanda ng tubig para idilig sa halaman.<br>Pagkatapos naming magtanim ay naghanda ang aming tita ng meryenda. Mayroong biko, pansit at buko juice. Masaya kaming nagsalo-salo sa aming cottage. Panay ang pagpapatawa ni papa sa amin. Ikinuwento niya ang kaniyang buhay habang lumalaki siya dito sa farm. Madalas daw ay napapalo siya nina lolo at lola dahil mahilig siyang umakyat sa puno ng mangga at lansones.<br>Minsan daw pagbaba niya ay nag-aabang na ang lola na may pamalong nakahanda. Tatalon daw siya kaagad at tatakbo nang mabilis para hindi mapalo.<br>Nagkuwento din si Papa na minsan daw ay may nakita siyang malaking sawa. Sumigaw daw siya at naalerto ang ahas. Sa halip na tumakbo ang papa ay ang ahas daw ang lumayo, kaya laking pasalamat niya na hindi siya nakagat. Mula noon ay natakot na siyang maglakad nang mag-isa sa farm.<br><br>**Hunyo 26, 2020**<br>Kaarawan ngayon ng mama. Naghanda kami ng iba't-ibang putahe. Tinulungan kami ng tita sa paghahanda. Inayos namin kahapon ang aming cottage. Naglagay kami ng mga lobo, pabitin at malaking happy birthday na kulay dilaw. Si papa naman ay nagpagawa sa kaniyang kumare ng birthday cake. Pinalagyan pa niya ito ng pera sa loob. Pinagbihis namin si mama ng kulay pulang damit.<br>Nagsimulang magdatingan ang aming mga tito at tita kasama ang aming mga pinsan. Nagdasal muna kami at nag-alay ng aming mga mensahe para kay mama. Nakita kong lumuha si mama habang nagsasalita ang papa at kaming magkakapatid. Alam kong luha iyon ng saya. Nagpasalamat si mama sa aming ginawang paghahanda. Inawitan namin siya ng mga kanta ng pagpapasalamat.<br>Oras na ng kainan.Pinuri nila ang aming inihandang pagkain. Nasiyahan din sila sa aming dekorasyon. Pagkatapos kumain, nagkaroon ng parlor games para sa aming magpipinsan. Meron din para sa aming mga tito at tita. Enjoy na enjoy ang | *(30 minuto)* |

| | | |
|---|---|---|
| | lahat. Bago magsiuwi ang aming mga bisita, namigay kami ng mga souvenir. Talagang pinaghandaan namin ang espesyal na araw ni mama. Nagpasalamat sa amin si Mmma. Talagang kay saya naming lahat sa araw na iyon.<br><br>**Sa Antas ng inyong Pag- Unawa.** Sagutin ang sumusunod na mga tanong.<br><br>1. Sino ang sumulat ng talaarawan?<br>2. Napansin mo ba kung paano siya sumulat ng kaniyang talaarawan?<br>3. Ano ang nilalaman ng kaniyang talaarawan?<br>4. Sumusulat ka rin ba ng gaya nitong talaarawan?<br>5. Sa iyong palagay, bakit tayo sumusulat ng talaarawan?<br>6. Magbahagi ng mahahalagang pangyayari sa binasa.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>Ipinanganak siya noong Disyembre 25, apatnapung taon na ang nakalipas. Nag- aral siya ng kaniyang elementarya sa Borongan Pilot Elementary School. Nagtapos siya ng sekondarya sa Eastern Samar National Comprehensive High School noong 1996.<br>Pinalad siyang makapasa sa University of the Philippines in the Visayas Tacloban College sa kursong Political Science.<br>**Maaga** siyang nag-asawa sa ngayo'y negosyanteng si Emar Allan Grande sa edad na 23 at biniyayaan ng tatlong anak na sina Gyle Eon, Emry Gaile at Elwyn Godofredo.<br>**Nang** isa pa lamang ang kaniyang anak ay napagpasyahan niyang mag-aral muli.<br>Kinuha niya ang kursong edukasyon sa Saint Mary's College of Borongan.<br>Noong 2013 ay **ganap** na siyang naging guro. Una siyang nagturo sa **malayong** barangay ng San Mateo. Doon ay nakilala niya ang kaniyang mga **bagong** kaibigan. Habang nagtuturo, ipinagpatuloy pa din niya ang edukasyon. Nag-enrol siya sa Asian Development Foundation College sa kanilang Post-Graduate Program ng Masters in Education, major in Reading. Sumulat siya ng aklat para matapos ang kursong ito. Natapos niya ito noong 2019.<br>Pagkatapos ng mahigit na anim na taong pagtuturo sa mababang paaralan ng San Mateo, nailipat siya sa mas malapit na paaralan sa kanilang tinitirhan, ang | *(20minuto)*<br><br><br><br><br><br><br><br>*(30 minuto)* |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Sabang Central Elementary School.<br>
Patuloy siyang nagsisilbi bilang guro sa ikalawang baitang. Ito po ang kuwento ng inyong tagasulat, Gesille G. Gagni-Grande.<br>
-Gesille G. Grande, DepEd,<br>
Borongan City<br>
Gabay na tanong:<br>
1. Kaninong kuwento ng buhay ang iyong binasa?<br>
2. Paano niya isinulat ang kuwento ng kaniyang buhay?<br>
3. Anong mga salita ang nakaitim na kulay?<br>
4. Ano ang tawag sa mga salitang nakaitim na kulay?<br><br>
Pang-uri<br>
Ang pang-uri ay ginagamit upang maglarawan ng Pangngalan (Noun) o Panghalip (Pronoun). Ito ay nagbibigay-turing o naglalarawan ng katangian, kulay, anyo, bilang, at iba pa ng isang tao, bagay, hayop, lugar, pangyayari, at iba pa.<br><br>
Mga Halimbawa ng Pang-uri:<br>
Maganda - Ang maganda ay naglalarawan ng isang bagay, tao, hayop, o lugar. Halimbawa: Ang maganda niyang mukha ay hinahangaan ng lahat.<br><br>
Malaki - Naglalarawan ng laki. Halimbawa:<br>
Malaki ang bahay nila.<br><br>
Matapang - Naglalarawan ng katapangan. Halimbawa: Si<br>
Lito ay isang matapang na sundalo.<br><br>
Pang-abay<br>
Ang pang-abay naman ay naglalarawan ng pandiwa (verb), pang-uri (adjective), o kapwa pang-abay. Ipinapakita nito ang paraan, lugar, oras, sanhi, at antas ng isang kilos o katangian.<br><br>
Halimbawa:<br>
Mabait siyang sumagot sa kaniyang guro. Uuwi<br>
kami bukas.
</td>
<td>
Maaaring dagdagan ng guro ang mga halimbawa upang mas malinaw ang talakayan.<br><br>
Dagdagan ng mga halimbawa dito at pangungusap. Talakayin kung paano ginamit ang pang- abay sa pangungusap.
</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td>Siyempre ay tutulungan kita.<br><br>Paglalapat at Pag-uugnay<br><br>URIIN. Salungguhitan sa pangungusap ang kung ang salitang ginamit ay pang-uri at ikahon naman kung ang salitang ginamit ay pang-abay.<br>1. Ang tumatakbong kabayong itim ay matulin.<br>2. Matulin tumakbo ang kabayong itim.<br>3. Masigla ang mga tao tuwing piyesta.<br>4. Masiglang sumasayaw ang mga tao sa piyesta.<br>5. Ang guro namin ay mahusay magpaliwanag ng mga kababalaghan.<br>6. Mahusay ang paliwanag ng aming guro tungkol sa mga kababalaghan.<br>7. Magaling magsulat ng mga kuwentong pambata si Flor.<br>8. Si Flor ay isang magaling na manunulat ng mga kuwentong pambata.<br>9. Ang tatay ni Doris ay isang matiyagang manggagawa sa Saudi Arabia.<br>10. Matiyagang naghahanapbuhay ang tatay ni Doris sa Saudi Arabia.</td><td></td></tr>
<tr><td>D. Paglalahat</td><td>IKATLONG ARAW<br>1. Pabaong Pagkatuto<br>MAGKUMPARA. bigay ang pagkakaiba at pagkakatulad ng Talaarawan, Talambuhay at Anekdota.<br><br><br>2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>SULATIN KO – I-SHARE SAYO. Sumulat ng isang journal kaugnay sa iyong naging karanasan sa araling tinalakay.</td><td>(20 minuto)<br><br>Ang gawaing ito ay maaaring gawing pangkatan upang mas maging kawili-wili ang gawain.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | | Gabayan ang mga mag-aaral sa kung paano e-proseso ang pagbuo ng sariling journal. |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pagsusulit PANGWAKAS NA GAWAIN**<br>Sumulat ng maikling pagsasalaysay ng nakawiwiling pangyayari na naglalarawan ng isang hindi malilimutang karanasan noong *modular distance learning*. (anekdota). | | | Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng anekdota. Ang guro ay magbibigay din ng rubriks sa pagbuo ng mga mag-aaral.<br>Mas mainam kung itoy ipasulat sa *activity notebook* upang maiwasto ng guro at maibalik sa mga mag-aaral. |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |

CREDIT TO THE ORIGINAL OWNER OF THIS FILE